IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# ANTAS NG PAGGAMIT NG BEKIMON SA PAKIKIPAGTALASTASAN SA WIKANG FILIPINO

Cathleen Rose N. Carambias, Dylenfis H. Dinlay, Florilyn B. Musngi,
Nicko John L. Pagtalunan, Manuelito L. Rojas, Jeddah B. Quiño-Justol,
Laugene Faith C. Amora

*College of Education, Tagoloan Community College, Tagoloan, Misamis Oriental, Philippines*

https://doi.org/10.5281/zenodo.19857020

## ABSTRACT

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino ng mga mag-aaral sa Bachelor of Secondary Education sa Tagoloan Community College. Sinuri rin ang perpil ng mga tagatugon batay sa dalas, layunin, at antas ng kasanayan, gayundin ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pagsasalita, pagsulat, at panonood, at ang ugnayan ng mga baryabol na ito. Gumamit ang pag-aaral ng kwantitatibong disenyong deskriptibo-korelasyonal na may 30 piling baklang mag-aaral bilang mga tagatugon sa pamamagitan ng purposive sampling. Ginamit ang isang researcher-made na talatanungan na sumailalim sa balidasyon at may mataas na antas ng reliability (Cronbach's $\alpha = 0.836$). Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang frequency, percentage, mean, at standard deviation, habang correlation analysis ang ginamit upang matukoy ang ugnayan ng mga baryabol. Ipinakita ng resulta na karamihan sa mga tagatugon ay gumagamit ng Bekimon paminsan-minsan (96.7%), pangunahing para sa panlilibang (93.3%), at nasa antas na baguhan (63.3%). Ang kabuuang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan—batay sa pagsasalita ($M = 3.07$), pagsulat ($M = 3.04$), at panonood ($M = 3.04$)—ay nasa interpretasyong "minsan," na nagpapahiwatig ng limitadong paggamit nito. Natukoy rin na ang pinakamataas na mean ay kaugnay ng paggamit ng Bekimon upang makisabay sa uso, habang ang pinakamababa ay may kaugnayan sa kredibilidad sa pormal na komunikasyon. Wala ring natukoy na makabuluhang ugnayan sa pagitan ng perpil ng mga tagatugon at antas ng paggamit ng Bekimon. Ipinapahiwatig ng pag-aaral na ang Bekimon ay nananatiling anyo ng impormal na pagpapahayag at pagkakakilanlan, at hindi pangunahing midyum sa akademikong komunikasyon.

**Keywords:** *Bekimon, pakikipagtalastasan, wikang Filipino, paggamit ng wika, sosyolingguwistika, mga mag-aaral*

## INTRODUCTION

Ang wika ay isang mahalagang kasangkapan sa pakikipagtalastasan at isang salamin ng kultura at pagkakakilanlan ng isang lipunan. Hindi lamang ito ginagamit sa pagpapahayag ng kaisipan at damdamin, kundi nagsisilbi rin bilang instrumento sa pagbubuklod ng mga tao at sa paghubog ng panlipunang ugnayan. Ayon kina Dimarucot at Redera (2025; 2026), ang paggamit ng wika ay nakabatay sa konteksto at layunin ng komunikasyon, na nagpapakita ng pagiging dinamiko nito sa iba't ibang larangan ng lipunan. Dagdag pa rito, ipinakita ni Dominguez (2022) na ang wika ay patuloy na umuunlad kasabay ng pagbabago ng lipunan at ng mga pangangailangan sa komunikasyon, partikular sa larangan ng edukasyon. Sa kontekstong ito, lumilitaw ang mga makabagong anyo ng wika na sumasalamin sa malikhaing paggamit nito ng mga mamamayan, partikular ng kabataan.

Isa sa mga umuusbong na baryasyon ng wika sa Pilipinas ay ang Bekimon, isang anyo ng sosyolek na karaniwang ginagamit ng mga miyembro ng LGBTQIA+ na komunidad. Ayon kay Perez (2025), ang Bekimon ay bunga ng malikhaing manipulasyon ng wika at nagsisilbing midyum ng pagpapahayag ng identidad at karanasan ng mga gumagamit nito. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Aviles et al. (2025) na ang ganitong anyo ng wika ay nagiging kasangkapan ng pakikipag-ugnayan, pagpapahayag ng emosyon, at pagbuo ng ugnayang panlipunan sa loob ng komunidad. Ipinapakita nito na ang Bekimon ay hindi lamang isang simpleng anyo ng balbal, kundi isang makabuluhang bahagi ng kultural na identidad ng mga gumagamit nito.

Sa kasalukuyang panahon, malaki ang impluwensya ng digital na komunikasyon sa paglaganap ng Bekimon. Bagama't hindi tahasang tinukoy ang social media bilang pangunahing pokus ng ilang pag-aaral, ipinakita nina Cabayacruz et al. (2025) na ang pag-unawa at paggamit ng wika ay naaapektuhan ng lawak ng exposure ng mga mag-aaral sa iba't ibang anyo ng komunikasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Salutin (2025) na ang pagkakalantad sa balbal na wika ay may impluwensya sa paraan ng paggamit at pag-unawa ng mga mag-aaral, na maaaring magbunga ng pagbabago sa kanilang lingguwistikong gawi. Dahil dito, nagiging bahagi na ng pang-araw-araw na interaksyon ng mga mag-aaral ang Bekimon, maging sa loob ng paaralan.

Sa kabila ng pagiging makulay at malikhaing anyo ng wika, may mga katanungan hinggil sa implikasyon ng Bekimon sa pormal na pakikipagtalastasan. Ayon kina Lagata at Marbella (2024), ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino, lalo na sa pagsulat, ay nangangailangan ng wastong paggamit ng pormal na wika upang mapanatili ang kredibilidad at bisa ng komunikasyon. Kaugnay nito, ipinakita nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na ang pagpili ng wika ay nakadepende sa sitwasyon at layunin, kung saan ang pormal na anyo ay mas pinipili sa akademikong konteksto. Samakatuwid,

mahalagang masuri kung paano naaapektuhan ng Bekimon ang kasanayan sa pagsasalita, pagsulat, at pag-unawa ng mga mag-aaral.

Bagama’t may mga umiiral nang pag-aaral tungkol sa Bekimon at iba pang anyo ng impormal na wika, kakulangan pa rin ang mga pananaliksik na tumutuon sa ugnayan ng antas ng paggamit nito at ang kasanayan sa pormal na pakikipagtalastasan sa wikang Filipino, partikular sa konteksto ng mga mag-aaral sa kolehiyo sa mga lokal na institusyon tulad ng Tagoloan Community College. Kaugnay nito, ipinakita nina Paja et al. (2025) na ang iba’t ibang salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay maaaring may kaugnayan sa kanilang karanasan at konteksto ng pagkatuto, kabilang ang paggamit ng wika. Samakatuwid, tinutugunan ng pag-aaral na ito ang puwang na ito sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri sa antas ng paggamit ng Bekimon at ang implikasyon nito sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral.

Sa kabuuan, ang pag-aaral na ito ay mahalaga sa larangan ng edukasyon at sosyolingguwistika sapagkat nagbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa papel ng makabagong anyo ng wika sa akademikong komunikasyon. Ayon kay Quiño-Justol (2024), ang inklusibong edukasyon ay nangangailangan ng pag-unawa sa iba’t ibang anyo ng ekspresyon ng mga mag-aaral upang mapalakas ang kanilang partisipasyon at kumpiyansa sa pagkatuto. Inaasahan na ang resulta ng pananaliksik na ito ay makatutulong sa mga guro, administrador, at mag-aaral sa paglinang ng balanseng paggamit ng pormal at impormal na wika sa loob ng edukasyonal na konteksto.

## Research Questions

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino. Tinatangkang sagutin ng pananaliksik ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang perpil ng mga tagatugon ayon sa:
1.1 Dalas ng paggamit (araw-araw, lingguhan, paminsan-minsan);
1.2 Layunin ng paggamit (panlilibang, komunikasyon); at
1.3 Antas ng kasanayan (baguhan, intermediate, eksperto)?

2. Ano ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan batay sa:
2.1 Pagsasalita;
2.2 Pagsulat; at
2.3 Panonood?

3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng perpil ng mga tagatugon at antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan batay sa:
3.1 Pagsasalita;
3.2 Pagsulat; at
3.3 Panonood?

## METHODOLOGY

*Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibong deskriptibo-korelasyonal na disenyo upang matukoy ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino at ang ugnayan nito sa perpil ng mga tagatugon. Ginamit ang deskriptibong pamamaraan upang mailarawan ang dalas, layunin, at kasanayan sa paggamit ng Bekimon, samantalang ang korelasyonal na disenyo ay ginamit upang matukoy kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol.

*Lugar ng Pananaliksik*

Isinagawa ang pag-aaral sa isang pampublikong kolehiyo sa Misamis Oriental. Pinili ang lugar na ito dahil sa accessibility ng mga mananaliksik at sa pagkakaroon ng angkop na populasyon na tumutugon sa layunin ng pag-aaral.

*Mga Tagatugon at Paraan ng Pagkuha ng Sampol*

Ang mga tagatugon sa pag-aaral ay binubuo ng 30 piling mag-aaral na bakla mula sa kursong Edukasyon. Gumamit ang mga mananaliksik ng purposive sampling upang matiyak na ang mga kalahok ay may karanasan at kaalaman sa paggamit ng Bekimon, na mahalaga sa pagsagot sa layunin ng pananaliksik.

*Instrumento ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral ang isang researcher-made survey questionnaire bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang talatanungan ay binubuo ng 30 aytem na nahahati sa tatlong bahagi: (1) dalas ng paggamit, (2) layunin ng paggamit, at (3) kasanayan sa paggamit ng Bekimon. Ginamitan ito ng 5-point Likert scale na may sumusunod na interpretasyon: 5 – Lubos na Sumasang-ayon, 4 – Sumasang-ayon, 3 – Medyo Sumasang-ayon, 2 – Hindi Sumasang-ayon, at 1 – Lubos na Hindi Sumasang-ayon. Upang matiyak ang bisa ng instrumento, ito ay sumailalim sa content at face validation mula sa tatlong eksperto sa larangan ng edukasyon. Isinagawa rin ang pilot testing sa 30 mag-aaral na hindi kabilang sa aktwal na respondente. Ginamit ang Cronbach's Alpha upang masukat ang reliability ng instrumento, at nakapagtala ito ng $\alpha = 0.836$, na nagpapahiwatig ng mataas na internal consistency at pagiging maaasahan ng talatanungan.

*Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos*

Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng pamamahagi ng talatanungan sa mga piling tagatugon. Ipinaliwanag muna sa kanila ang layunin ng pag-aaral at binigyan sila ng sapat na oras upang sagutin ang mga katanungan. Tiniyak na boluntaryo ang kanilang partisipasyon at ang kanilang mga sagot ay mananatiling kumpidensyal.

*Pamamaraan ng Pagsusuri ng Datos*

Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang mga sumusunod na estadistikal na pamamaraan: Frequency at Percentage para sa paglalarawan ng perpil ng mga tagatugon; Mean at Standard Deviation upang matukoy ang antas ng paggamit ng Bekimon; at Correlation Analysis (Spearman rho) upang matukoy ang ugnayan sa pagitan ng perpil ng mga tagatugon at antas ng paggamit ng Bekimon. Ginamit ang mga estadistikang ito upang makapagbigay ng malinaw at sistematikong interpretasyon ng mga datos.

*Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral*

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon lamang sa pagsusuri ng antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino ng mga piling mag-aaral na bakla mula sa kursong Edukasyon sa isang pampublikong kolehiyo. Nilimitahan ang pag-aaral sa 30 tagatugon at hindi isinama ang ibang kasapi ng LGBTQIA+ na komunidad, mga mag-aaral mula sa ibang kurso, at ang paggamit ng Bekimon sa iba pang konteksto tulad ng social media at tahanan. Hindi rin saklaw ng pag-aaral ang paggamit ng wikang Ingles, bagkus ay nakatuon lamang sa wikang Filipino sa akademikong konteksto.

## RESULTS

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng presentasyon, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa mga tagatugon ng Tagoloan Community College. Tinalakay rito ang mga resulta ng sarbey na isinagawa hinggil sa antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino. Ipinapakita rin sa bahaging ito ang koneksyon ng mga datos sa mga layunin at suliranin ng pananaliksik. Ang mga resulta ay inilahad sa anyo ng mga talahanayan at grap upang higit na maipakita ang mga kinalabasan ng pag-aaral, at sinamahan ng interpretasyon batay sa mga umiiral na teorya at kaugnay na literatura.

1. Ano ang perpil ng mga tagatugon ayon sa:
   1.1 Dalas;
   1.2 Layunin ng paggamit;
   1.3 Kasanayan?

**Talahayan 1.1. Distribusyon ng mga Perpil ng tagatugon ayon sa kanilang Dalas**

| Dalas | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Araw-araw | 1 | 33.3 |
| Linggohan | 0 | 0 |
| Paminsan-minsan | 29 | 96.7 |
| Kabuuan | 30 | 100 |

Ipinapakita ng Talahanayan 1.1 na karamihan sa mga bakla sa kursong Edukasyon ay paminsan-minsan lamang gumamit ng Bekimon sa kanilang pakikipagtalastasan, na may kabuuang bilang na 29 o katumbas ng 96.7%, samantalang 1 o 3.3% lamang sa kanila ang gumamit nito araw-araw. Ang datos na ito ay nagpapakita na bagamat bahagi ng kultura at wika ng mga mag-aaral ang Bekimon, hindi pa ito ganap na pangunahing wika ng komunikasyon sa kanilang pang-araw-araw na usapan.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring maiugnay sa mga natuklasan nina Perez (2025) na ang Bekimon ay nananatiling bahagi ng karanasan at identidad ng LGBTQIA+ na komunidad ngunit hindi ito palaging ginagamit sa lahat ng konteksto ng komunikasyon. Ipinapakita rin ng pag-aaral na ang paggamit nito ay nakabatay sa sitwasyon at layunin ng interaksyon. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Aviles et al. (2025) na ang paggamit ng Bekimon o katulad na anyo ng wika ay kadalasang lumilitaw sa mga impormal na konteksto gaya ng pakikipagbiruan at interaksyong panlipunan, at hindi sa pormal na akademikong diskurso.

Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina Salutin (2025) na ang pagkakalantad ng mga mag-aaral sa di-pormal na anyo ng wika tulad ng balbal ay may impluwensya sa kanilang komunikasyon, ngunit hindi ito nangangahulugang ito ang pangunahing wikang ginagamit sa lahat ng pagkakataon. Dagdag pa rito, binanggit nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na ang paggamit ng wikang Filipino ay nag-iiba depende sa konteksto, partikular sa pormal at di-pormal na sitwasyon, kung saan mas nangingibabaw pa rin ang pormal na wika sa mga seryosong transaksyon at akademikong gawain.

Sa kabuuan, ang datos mula sa kursong Edukasyon sa Tagoloan Community College ay nagpapakita na ang Bekimon ay bahagi ng lingguwistikong reperto ng mga mag-aaral, ngunit higit pa rin itong ginagamit bilang isang anyo ng kultural na pagkakakilanlan kaysa bilang isang araw-araw na wika ng komunikasyon. Ang resulta ay nagpapahiwatig ng selective na paggamit ng Bekimon, na higit na nakabatay sa mga sitwasyong di-pormal at interaksyon ng mga mag-aaral sa kanilang kapwa (Perez, 2025; Aviles et al., 2025; Salutin, 2025; Dimarucot & Redera, 2025, 2026).

**Talahayan 1.2. Distribusyon ng mga Perpil ng tagatugon ayon sa Layunin**

| Layunin | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Panlilibang | 28 | 93.3 |
| Komunikasyon | 2 | 6.6 |
| Kabuuan | 30 | 100 |

Ipinakita sa Talahanayan 1.2 ang perpil ng mga tagatugon ayon sa layunin. Batay sa datos, ang layunin ng mga bakla sa kursong Edukasyon sa paggamit ng Bekimon ay panlilibang, na may kabuuang bilang na 28 o katumbas ng 93.3% ng mga tagatugon, samantalang 6.6% lamang ang gumagamit nito para sa komunikasyon sa kanilang araw-araw na interaksyon. Ipinapakita ng resulta na ang Bekimon ay hindi pa ganap na ginagamit bilang pangunahing midyum ng komunikasyon, bagkus ito ay nakikita bilang isang anyo ng kasiyahan at pagpapahayag ng personalidad sa mga impormal na usapan.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring maiugnay sa mga natuklasan ni Perez (2025) na ang Bekimon ay nagsisilbing midyum ng pagpapahayag ng identidad at karanasan ng mga kasapi ng LGBTQIA+ na komunidad, kung saan mas ginagamit ito sa kontekstong panlipunan at impormal na interaksyon. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Aviles et al. (2025) na ang paggamit ng Bekimon at katulad na anyo ng wika ay nakaugnay sa kultura ng pakikipag-ugnayan, lalo na sa pagpapahayag ng emosyon, humor, at pakikisama sa loob ng grupo.

Samantala, ipinakita sa pag-aaral ni Salutin (2025) na ang paggamit ng di-pormal na wika tulad ng balbal ay kadalasang nauugnay sa layunin ng panlilibang at pakikipagbiruan, at hindi pangunahing ginagamit sa seryoso o akademikong komunikasyon. Dagdag pa rito, binanggit nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na ang paggamit ng wika ay nag-iiba depende sa layunin at konteksto, kung saan ang impormal na wika ay mas nangingibabaw sa mga kaswal na interaksyon habang ang pormal na wika ay ginagamit sa akademikong at propesyonal na sitwasyon.

Sa kabuuan, ang resulta ng Talahanayan 1.2 ay nagpapakita ng mahalagang pananaw na ang Bekimon ay ginagamit ng mga bakla sa kursong Edukasyon bilang midyum ng panlilibang at pagkakabuklod ng mga mag-aaral sa kanilang mga kaibigan, taliwas sa paggamit nito bilang pangunahing wika ng komunikasyon. Ito ay sumusuporta sa mga natuklasan nina Perez (2025), Aviles et al. (2025), Salutin (2025), at Dimarucot at Redera (2025, 2026) na bagama't laganap ang Bekimon, ito ay higit na ginagamit para sa di-pormal at kultural na pagpapahayag ng mga kabataan.

**Talahayan 1.3. Distribusyon ng mga Perpil ng tagatugon ayon sa Kasanayan**

| Kasanayan | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Baguhan | 19 | 63.3 |
| Intermediate | 9 | 30.0 |
| Eksperto | 2 | 6.7 |
| Kabuuan | 30 | 100 |

Ipinakita sa Talahanayan 1.3 ang perpil ng mga tagatugon ayon sa kasanayan. Batay sa Talahanayan 1.3, karamihan sa mga bakla sa kursong Edukasyon ay may kasanayang baguhan o nagsisimula pa lamang sa paggamit ng Bekimon, na may bilang na 19 o katumbas ng 63.3% ng mga tagatugon. Samantala, 9 o 30% naman ang nasa intermediate na antas ng kasanayan, habang 2 o 6.7% lamang ang umabot sa mataas na antas ng eksperto na kasanayan. Ang datos na ito ay nagpapahiwatig na bagama't ginagamit ang Bekimon sa pakikipagtalastasan ng mga mag-aaral, ito ay hindi pa ganap na napapaloob sa kanilang pang-araw-araw na diskurso at kakayahang pangwika.

Ang ganitong kinalabasan ay maaaring maiugnay sa mga natuklasan ni Perez (2025) na bagama't bahagi na ng identidad at karanasan ng mga kasapi ng LGBTQIA+ ang Bekimon, hindi lahat ay may mataas na antas ng kasanayan sa paggamit nito, lalo na kung ito ay hindi palaging ginagamit sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Kaugnay

nito, binigyang-diin nina Aviles et al. (2025) na ang paggamit ng Bekimon ay nakaugnay sa kultural at panlipunang interaksyon, kung saan ang antas ng kasanayan ay maaaring umunlad sa pamamagitan ng madalas na pakikipag-ugnayan at paggamit nito sa loob ng grupo.

Samantala, ipinakita sa pag-aaral ni Salutin (2025) na ang paggamit ng di-pormal na wika tulad ng balbal ay hindi agad nangangahulugan ng mataas na kasanayan, sapagkat ito ay kadalasang natututuhan sa pamamagitan ng exposure at karanasan sa pakikipagkomunikasyon. Dagdag pa rito, binanggit nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na ang kasanayan sa paggamit ng wika ay nakadepende sa konteksto at dalas ng paggamit nito, kung saan ang mas madalas na paggamit sa iba't ibang sitwasyon ay nagreresulta sa mas mataas na antas ng kasanayan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta mula sa Tagoloan Community College na karamihan sa mga bakla sa kursong Edukasyon ay baguhan pa lamang sa paggamit ng Bekimon, na nagpapahiwatig na bagama't bahagi na ito ng kanilang kultural na karanasan, ito ay patuloy pa ring bahagi ng proseso ng pagkatuto at hindi pa ganap na nahuhubog sa kanilang kasanayan sa pakikipagtalastasan. Ang kinalabasan ay sumusuporta sa mga natuklasan nina Perez (2025), Aviles et al. (2025), Salutin (2025), at Dimarucot at Redera (2025, 2026), na nagpapakita ng pangangailangan ng higit pang exposure, pag-unawa, at kontekstwal na paggamit upang maabot ang mas mataas na antas ng kasanayan sa paggamit ng Bekimon.

2. Ano ang antas ng paggamit ng Bekimon ng mga bakla sa pakikipagtalastasan batay sa:
   2.1. Pagsasalita;
   2.2. Pagsulat;
   2.3. Panonood?

**Talahayan 2.1. Antas ng Paggamit ng Bekimon sa Pakikipagtalastasan Batay sa Pagsasalita**

| Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. Madalas kong ginagamit ang mga salitang Bekimon sa pang-arawaraw na usapan. | 3.07 | 0.94 | Hindi sigurado | Minsan |
| 2. Nakakatulong ang paggamit ng Bekimon sa pakikipag-usap sa mga kaibigan at pamilya. | 3.20 | 1.00 | Hindi sigurado | Minsan |
| 3. Nakakaapekto ang paggamit ng Bekimon sa pag-unawa ng mga kausap. | 3.00 | 0.91 | Hindi sigurado | Minsan |
| 4. Nakakaramdam ako ng pagkalito kapag nakakarinig ng mga salitang Bekimon mula sa iba. | 3.00 | 0.91 | Hindi sigurado | Minsan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5. Nakakaimpluwensya ang Bekimon sa pagpili ko ng mga salita sa pakikipag-usap. | 3.20 | 0.93 | Hindi sigurado | Minsan |
| 6. Nakakaapekto ang paggamit ng Bekimon sa kredibilidad ng isang nagsasalita. | 2.83 | 0.95 | Hindi sigurado | Minsan |
| 7. Mas gustong makipag-usap sa mga taong gumagamit ng Bekimon. | 2.87 | 0.82 | Hindi sigurado | Minsan |
| 8. Nakakatulong ang Bekimon upang maging mas masaya at makulay ang usapan. | 2.97 | 0.93 | Hindi sigurado | Minsan |
| 9. Ginagamit ko ang Bekimon upang ipakita ang aking pagkakakilanlan bilang bahagi ng isang grupo. | 3.13 | 1.07 | Hindi sigurado | Minsan |
| 10. Ginagamit ko ang Bekimon upang makisabay sa uso. | 3.40 | 1.22 | Hindi sigurado | Minsan |
| **Kabuuan** | **3.07** | **0.97** | **Hindi sigurado** | **Minsan** |

Ipinakita sa Talahanayan 2.1 ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan batay sa pagsasalita. Lumabas sa kabuuang mean na 3.07 (SD = 3.07) na nasa kategoryang "Hindi sigurado" ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan. Ibig sabihin, ginagamit ng mga bakla ang Bekimon sa pagsasalita ngunit napakalimitado lamang dahil hindi pa ito lubusang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na komunikasyon batay sa pagsasalita.

Ang pinakamataas na mean ay nakamit ng pahayag bilang 10; “Ginagamit ko ang Bekimon upang makisabay sa uso,” na may mean na 3.40 at standard deviation na 1.22. Ipinapakita nito na nakikita ng mga bakla sa kursong Edukasyon ang Bekimon bilang bahagi ng kasalukuyang uso o trend sa wika at kultura, na nagpapakita ng kanilang pakikisabay sa mga kaganapan sa lipunan. Ang ganitong resulta ay maiuugnay sa pag-aaral ni Perez (2025) na nagpapakita na ang Bekimon ay nagsisilbing ekspresyon ng identidad at kultural na karanasan ng mga kasapi ng LGBTQIA+ na komunidad, na kadalasang lumilitaw sa kontekstong panlipunan at impormal na interaksyon. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Aviles et al. (2025) na ang paggamit ng ganitong anyo ng wika ay nakaugnay sa pagpapahayag ng emosyon, pakikisabay sa uso, at pakikipag-ugnayan sa kapwa.

Samantala, ang pinakamababang mean ay nakamit ng pahayag bilang 6; “Nakakaapekto ang paggamit ng Bekimon sa kredibilidad ng isang nagsasalita,” na may mean na 2.83 at standard deviation na 0.95. Ito ay nagpapahiwatig ng pag-aalinlangan ng mga bakla sa kursong Edukasyon na gamitin ang Bekimon sa mga pormal na usapan dahil maaaring makaapekto ito sa kanilang kredibilidad bilang mga mag-aaral ng Filipino. Ang ganitong pananaw ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Salutin (2025) na nagpapakita na ang paggamit ng di-pormal na wika tulad ng balbal ay may impluwensya sa komunikasyon ng mga mag-aaral ngunit hindi ito ganap na angkop sa mga pormal at akademikong

konteksto. Dagdag pa rito, binanggit nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na ang paggamit ng wika ay nag-iiba batay sa sitwasyon, kung saan mas pinipili ang pormal na wika sa mga seryosong usapan at akademikong gawain upang mapanatili ang kredibilidad at pagiging epektibo ng komunikasyon.

Ang resulta ng pag-aaral ay nagpapahiwatig na ginagamit ng mga bakla sa kursong Edukasyon ang Bekimon bilang midyum ng komunikasyon, ngunit ito ay limitado lamang bilang pangkasiyahan, pakikisabay sa uso, at pagpapahayag ng sarili. Ang ganitong kinalabasan ay umaayon sa natuklasan ni Perez (2025) at nina Aviles et al. (2025) na ang Bekimon ay may mahalagang papel sa identidad at interaksyong panlipunan, ngunit hindi ito pangunahing ginagamit sa pormal na komunikasyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta mula sa Tagoloan Community College na bagaman ginagamit ng mga bakla sa kursong Edukasyon ang Bekimon, ito ay nakatuon pa rin sa mga di-pormal na sitwasyon at hindi pa ganap na napapaloob sa kanilang akademikong diskurso. Ipinapakita ng datos na may kakayahan pa itong mapaunlad sa pamamagitan ng patuloy na pag-aaral, pagbibigay ng kamalayan, at integrasyon sa mga usaping lingguwistiko at kultural, alinsunod sa mga pag-aaral nina Perez (2025), Salutin (2025), Aviles et al. (2025), at Dimarucot at Redera (2025, 2026).

**Talahayan 2.2. Antas ng Paggamit ng Bekimon sa Pakikipagtalastasan Batay sa Pagsulat**

| Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. Gumagamit ako ng Bekimon sa mga sulatin, tulad ng text messages o social media posts. | 2.83 | 0.91 | Hindi sigurado | Minsan |
| 2. Sang-ayon ako sa paggamit ng Bekimon sa mga impormal na sulatin. | 2.87 | 1.04 | Hindi sigurado | Minsan |
| 3. Nakakaapekto ang Bekimon sa pagunawa ko sa mga nakasulat na teksto. | 3.17 | 1.05 | Hindi sigurado | Minsan |
| 4. Mas madali kong naipapahayag ang ideya kapag gumagamit ng impormal na wika tulad ng Bekimon. | 3.03 | 1.03 | Hindi sigurado | Minsan |
| 5. Nakakaapekto ang paggamit ng Bekimon sa kredibilidad ng isang manunulat. | 3.20 | 1.16 | Hindi sigurado | Minsan |
| 6. Mas gusto kong magbasa ng mga sulatin na gumagamit ng Bekimon. | 3.00 | 1.02 | Hindi sigurado | Minsan |
| 7. Nakakatulong ang Bekimon sa pagpapahayag ng pagkamalikhain sa pagsusulat. | 2.97 | 1.10 | Hindi sigurado | Minsan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 8. Ginagamit ko ang Bekimon upang mas madaling maunawaan ng kabataan ang mensahe. | 2.93 | 0.98 | Hindi sigurado | Minsan |
| 9. Naiintindihan ko ang mga mensaheng may Bekimon na nakasulat online. | 3.33 | 1.27 | Hindi sigurado | Minsan |
| 10. Hindi angkop ang paggamit ng Bekimon sa mga pormal na sulatin. | 3.07 | 1.11 | Hindi sigurado | Minsan |
| **Kabuuan** | **3.04** | **1.07** | **Hindi sigurado** | **Minsan** |

Ipinakita sa Talahanayan 2.2 ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan batay sa pagsulat. Lumabas sa kabuuang mean na 3.04 (SD = 1.07) na nasa antas ng "Hindi sigurado," na nagpapakita ng may paggamit ng Bekimon ngunit may limitadong detalye. Ipinapakita nito na bagama't ginagamit ng mga bakla sa kursong Edukasyon ang Bekimon sa pagsusulat, hindi pa ito ganap na napapaloob o nagiging mahalagang bahagi ng kanilang pagsulat, lalo na sa mga akademikong konteksto.

Ang pahayag na may pinakamataas na mean ay ang "Naiintindihan ko ang mga mensaheng may Bekimon na nakasulat online," na nakakuha ng mean na 3.33 at standard deviation na 1.27. Ipinapahiwatig nito na komportable at pamilyar ang mga bakla sa pagbasa ng mga mensaheng may Bekimon, partikular sa mga platapormang online gaya ng social media. Ang ganitong resulta ay maiuugnay sa pag-aaral ni Perez (2025) na nagpapakita na ang Bekimon ay bahagi ng karanasan at identidad ng mga kasapi ng LGBTQIA+ na komunidad at kadalasang ginagamit sa mga kontekstong panlipunan at digital. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Aviles et al. (2025) na ang ganitong anyo ng wika ay nagiging instrumento ng pakikipag-ugnayan, pagpapahayag ng emosyon, at pakikisabay sa uso sa loob ng mga impormal na espasyo, lalo na sa online na komunikasyon.

Samantala, ang pinakamababang mean ay makikita sa pahayag na "Gumagamit ako ng Bekimon sa mga sulatin, tulad ng text messages o social media posts," na nakakuha ng mean na 2.83 at standard deviation na 0.91. Ito ay nagpapakita na may mga bakla pa rin na hindi palaging gumagamit ng Bekimon sa pagsusulat, marahil ay dahil sa limitadong kasanayan o kakulangan ng tiwala sa paggamit nito. Ang ganitong pananaw ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Salutin (2025) na nagpapakita na ang paggamit ng di-pormal na wika tulad ng balbal ay hindi palaging konsistent at kadalasang nakabatay sa exposure at layunin ng komunikasyon. Dagdag pa rito, binanggit nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na ang paggamit ng wika ay nag-iiba batay sa konteksto, kung saan ang pormal na wika ay mas pinipili sa mga akademikong sulatin upang mapanatili ang kredibilidad at pagiging epektibo ng komunikasyon.

Ipinapahiwatig ng mga resultang ito na bagama't may pagkilala sa Bekimon bilang bahagi ng kasalukuyang wika ng kabataan, ito ay hindi pa lubusang tinatanggap o ginagamit sa pagsusulat, lalo na sa mga pormal na sulatin. Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral nina Lagata at Marbella (2024) na ang kasanayan sa pasulat na Filipino ay nangangailangan

ng wastong paggamit ng pormal na wika, na nagiging dahilan kung bakit hindi lubusang ginagamit ang mga impormal na anyo ng wika sa akademikong pagsusulat.

Dagdag pa rito, ipinapakita sa pag-aaral nina Cabayacruz et al. (2025) na ang pag-unawa sa wika, kabilang ang pakikinig at interpretasyon, ay may malaking impluwensya sa kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit nito sa iba't ibang anyo ng komunikasyon, kabilang ang pagsulat. Ipinapahiwatig nito na ang limitadong paggamit ng Bekimon sa pagsusulat ay maaaring dulot ng kakulangan sa sapat na exposure at kasanayan sa paggamit nito sa mas sistematikong paraan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na bagama't may kakayahan at kawilihan ang mga bakla sa kursong Edukasyon na gamitin ang Bekimon sa pagsusulat, ito ay napakalimitado at nakabatay pa rin sa kontekstong impormal at online na komunikasyon. Ang ganitong kinalabasan ay sumusuporta sa mga natuklasan nina Perez (2025), Salutin (2025), Aviles et al. (2025), Dimarucot at Redera (2025, 2026), Lagata at Marbella (2024), at Cabayacruz et al. (2025) na nagpapakita na bagama't aktibo ang paggamit ng Bekimon sa impormal na diskurso, nananatiling may agwat sa pagtanggap nito sa mga pormal na espasyo tulad ng akademikong pagsusulat.

**Talahayan 2.3. Antas ng Paggamit ng Bekimon sa Pakikipagtalastasan Batay sa Panonood**

| Pahayag | Mean | SD | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. Nakakatulong ang Bekimon sa pagunawa ko sa mga palabas o video na gumagamit ng ganitong wika. | 2.83 | 0.91 | Hindi sigurado | Minsan |
| 2. Madalas akong nanonood ng mga video o palabas na gumagamit ng Bekimon. | 2.87 | 1.04 | Hindi sigurado | Minsan |
| 3. Mas nagiging masaya ang panonood ko kapag Bekimon ang wikang ginamit. | 3.17 | 1.05 | Hindi sigurado | Minsan |
| 4. Nakakaapekto ang Bekimon sa pagunawa ko sa mensahe ng mga video o palabas. | 3.03 | 1.03 | Hindi sigurado | Minsan |
| 5. Nakikita ko na ang Bekimon ay nagiging bahagi ng kultura sa mga palabas at media. | 3.20 | 1.16 | Hindi sigurado | Minsan |
| 6. Natututong gumamit ng Bekimon sa pamamagitan ng panonood ng mga video o palabas. | 3.00 | 1.02 | Hindi sigurado | Minsan |
| 7. Mas gusto kong manood ng mga video na gumagamit ng Bekimon. | 2.97 | 1.10 | Hindi sigurado | Minsan |
| 8. Nakakadagdag ang Bekimon sa pagiging malikhain ng isang video o palabas. | 2.93 | 0.98 | Hindi sigurado | Minsan |
| 9. Nakaaaliw ang panonood ng mga content na may Bekimon. | 3.33 | 1.27 | Hindi sigurado | Minsan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 10. Nakakaapekto ang Bekimon sa target na tagapanood ng isang video o palabas. | 3.07 | 1.11 | Hindi sigurado | Minsan |
| **Kabuuhan** | **3.04** | **1.06** | **Hindi sigurado** | **Minsan** |

Ang Talahanayan 2.3 ay nagpapakita ng antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan batay sa panonood. Lumabas na ang kabuuang mean ng antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan batay sa panonood ay nasa 3.04 (SD = 1.06) na may deskripsyong "Hindi sigurado," na nangangahulugang may paggamit ng Bekimon ngunit may limitadong detalye. Ipinapakita nito na bagama't may pagkilala sa Bekimon bilang bahagi ng wika ng kabataan, hindi pa ito ganap na napapaloob sa kanilang pang-araw-araw na pananood at interpretasyon ng mga palabas.
Ang pahayag na may pinakamataas na mean ay "Nakaaaliw ang panonood ng mga content na may Bekimon," na may mean na 3.33 at standard deviation na 1.27. Ipinapahiwatig nito na ang Bekimon ay nagdudulot ng kasiyahan at aliw sa mga bakla sa kursong Edukasyon habang nanonood sila ng mga palabas. Ang ganitong resulta ay maiuugnay sa pag-aaral ni Perez (2025) na nagpapakita na ang Bekimon ay bahagi ng karanasan at kultural na identidad ng LGBTQIA+ na komunidad, na kadalasang ginagamit sa mga impormal at panlipunang konteksto. Kaugnay nito, binanggit nina Aviles et al. (2025) na ang ganitong uri ng wika ay nagiging kasangkapan ng pagpapahayag, pakikipag-ugnayan, at aliw sa loob ng mga social at media platforms, na lalong nagpapatibay sa papel nito sa entertainment at digital na komunikasyon.

Samantala, ang pahayag na may pinakamababang mean ay "Nakakatulong ang Bekimon sa pag-unawa ko sa mga palabas o video na gumagamit ng ganitong wika," na may mean na 2.83 at standard deviation na 0.91. Ipinapakita nito na may mga pagkakataong nagiging hadlang ang Bekimon sa lubos na pag-unawa ng mga bakla sa kursong Edukasyon sa mga palabas, marahil dahil sa mga limitasyon ng kanilang kaalaman o exposure sa ganitong uri ng wika. Ang ganitong kinalabasan ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Cabayacruz et al. (2025) na nagpapakita na ang antas ng pag-unawa sa wika ay nakadepende sa lawak ng exposure at kasanayan ng mga mag-aaral, partikular sa pakikinig at interpretasyon ng mensahe. Dagdag pa rito, ipinakita ni Salutin (2025) na ang paggamit ng balbal na wika ay maaaring makaapekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral, lalo na kung hindi sila lubusang pamilyar sa mga terminolohiyang ginagamit.

Ipinapahiwatig ng mga datos na ito na bagama't may positibong epekto ang Bekimon sa aspeto ng aliw at kasiyahan ng mga bakla sa kursong Edukasyon sa panonood, may mga hamon pa rin sa larangan ng lubos na pag-unawa sa mga mensaheng nilalaman ng mga palabas. Kaugnay nito, binigyang-diin nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na ang paggamit ng wika ay nakabatay sa konteksto at layunin ng komunikasyon, kung saan ang malinaw at pormal na wika ay mas epektibo sa pagtiyak ng wastong pag-unawa. Samantala, ipinakita rin nina Lagata at Marbella (2024) na ang kasanayan sa wika ay nangangailangan ng patuloy na paglinang upang mapabuti ang kakayahan sa interpretasyon at paggamit nito sa iba't ibang sitwasyon.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta mula sa Tagoloan Community College na bagama't may paggamit ng Bekimon sa panonood ng mga palabas ng mga bakla sa kursong Edukasyon, ito ay limitado pa rin at mas nakikita bilang bahagi ng kasiyahan at aliw kaysa bilang pangunahing midyum ng komunikasyon at pagkatuto. Sumasalamin ito sa mga natuklasan nina Perez (2025), Salutin (2025), Aviles et al. (2025), Cabayacruz et al. (2025), Dimarucot at Redera (2025; 2026), at Lagata at Marbella (2024) na bagama't mahalaga ang Bekimon sa pagpapahayag ng identidad at kultura ng kabataan, nangangailangan pa ito ng mas malalim na pag-unawa at integrasyon upang maging ganap na bahagi ng akademikong diskurso.

**Talahayan 2.4 Kabuuang Antas ng Paggamit ng Bekimon sa Pakikipagtalastasan Batay sa Pagsasalita, Pagsulat, at Panonood**

| Baryabols | Mean | SD | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|
| Pagsasalita | 3.07 | 0.97 | Hindi sigurado | Minsan |
| Pagsulat | 3.04 | 1.07 | Hindi sigurado | Minsan |
| Panonood | 3.04 | 1.06 | Hindi sigurado | Minsan |
| **Kabuuan** | **3.05** | **1.03** | **Hindi sigurado** | **Minsan** |

Batay sa isinagawang pananaliksik sa mga tagatugong bakla sa kursong Edukasyon, lumabas na ang kabuuang mean ng antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan batay sa tatlong kasanayan (pagsasalita, pagsulat, at panonood) ay nasa 3.05 (SD = 1.03), na may deskripsyong "Hindi sigurado," na nangangahulugang may paggamit ng Bekimon ngunit may limitadong detalye. Ipinapakita nito na bagama't bahagi na ng wika ng kabataan ang Bekimon, hindi pa ito ganap na napapaloob sa kanilang pormal na pakikipagtalastasan, lalo na sa akademikong konteksto.

Ang pinakamataas na mean ay nakikita sa aspeto ng pagsasalita, na may mean na 3.07 at standard deviation na 0.97. Ipinapakita nito na mas ginagamit ng mga bakla sa kursong Edukasyon ang Bekimon sa di-pormal na pakikipag-usap kumpara sa iba pang kasanayan. Ang ganitong resulta ay maiuugnay sa pag-aaral ni Perez (2025) na nagpapakita na ang Bekimon ay isang mahalagang bahagi ng karanasan at pagpapahayag ng identidad ng LGBTQIA+ na komunidad, partikular sa mga interaksyong panlipunan. Kaugnay nito, binanggit nina Aviles et al. (2025) na ang ganitong anyo ng wika ay nagsisilbing midyum ng pagpapahayag ng emosyon, pakikisama, at aliw sa loob ng impormal na komunikasyon.

Sa kabilang banda, kapwa ang pagsulat at panonood ay nagkaroon ng mean na 3.04, na nagpapahiwatig ng pantay na antas ng paggamit ng Bekimon sa mga tekstuwal at biswal na anyo ng komunikasyon, tulad ng pagsusulat ng mensahe sa social media at panonood ng mga palabas o video. Ipinapakita ng datos na may kakayahan ang Bekimon na maging bahagi ng iba't ibang kasanayan sa komunikasyon, ngunit nananatili pa rin itong limitado. Ang ganitong kinalabasan ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na nagsasaad na ang paggamit ng wika ay nakabatay sa konteksto at layunin ng komunikasyon, kung saan mas pinipili ang pormal na wika sa akademikong

diskurso. Dagdag pa rito, ipinakita nina Lagata at Marbella (2024) na ang kasanayan sa pasulat na Filipino ay nangangailangan ng wastong paggamit ng pormal na wika, kaya't hindi lubusang nagagamit ang mga impormal na anyo tulad ng Bekimon sa akademikong pagsusulat.

Ang mga resulta ay nagpapahiwatig na ang Bekimon ay nagsisilbing midyum ng pagpapahayag ng pagkakakilanlan at kasiyahan ng mga bakla sa kursong Edukasyon, subalit may mga hamon pa rin sa antas ng pormalidad at kasanayan. Ayon kay Salutin (2025), ang pagkakalantad sa balbal na wika ay maaaring makaapekto sa paraan ng komunikasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral, lalo na kung ito ay hindi naaayon sa konteksto ng paggamit. Kaugnay nito, ipinakita nina Cabayacruz et al. (2025) na ang antas ng pag-unawa sa wika ay nakadepende sa lawak ng exposure at kasanayan ng mga mag-aaral, na maaaring magdulot ng limitasyon sa paggamit ng mga di-pormal na wika sa mas komplikadong konteksto.

Sa kabuuan, ipinapakita ng datos na ang Bekimon ay patuloy na ginagamit ng mga bakla sa kursong Edukasyon sa iba't ibang anyo ng komunikasyon, ngunit nananatili itong limitado at may pangangailangang linangin pa upang maging bahagi ng mas mataas na antas ng pakikipagtalastasan sa wikang Filipino. Ang ganitong resulta ay sumusuporta sa mga natuklasan nina Perez (2025), Salutin (2025), Aviles et al. (2025), Dimarucot at Redera (2025; 2026), Lagata at Marbella (2024), at Cabayacruz et al. (2025) na nagpapakita na bagama't mahalaga ang Bekimon bilang bahagi ng kultura at identidad ng kabataan, nangangailangan pa ito ng mas malalim na pag-unawa at integrasyon upang maging ganap na bahagi ng akademikong diskurso.

3. May makabuluhang kaugnayan ba ang perpil ng tagatugon sa antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan batay sa pagsasalita, pagsulat at panonood?

**Talahayan 3. Ugnayan ng Perpil Ng Tagatugon Sa Antas Ng Paggamit Ng Bekimon Sa Pakikipagtalastasan Batay Sa Pagsasalita, Pagsulat at Panonood**

| Perpil | Pagsasalita | Pagsulat | Panonood | Kabuuang Antas | Decision on Null Hypothesis | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Dalas | r-value: -0.153 | r-value: -0.145 | r-value: -0.109 | r-value: -0.189 | Do not reject the null hypothesis | Walang Makabuluh ang Ugnayan |
| | p-value: 0.42 | p-value: 0.443 | p-value: 0.568 | p-value: 0.317 | | |
| Layunin | r-value: -0.138 | r-value: 0.072 | r-value: 0.258 | r-value: 0.135 | | |
| | p-value: 0.469 | p-value: | p-value: 0.168 | p-value: 0.475 | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 0.706 | | |
| Kasanay a n | r-value: -0.199<br>p-value: 0.291 | r-value: 0.007<br>p-value: 0.972 | r-value: -0.021<br>p-value: 0.912 | r-value: -0.076<br>p-value: 0.689 |

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang ugnayan sa pagitan ng perpil ng mga tagatugon, na kinabibilangan ng dalas, layunin, at kasanayan sa paggamit ng Bekimon, at ng kanilang antas ng paggamit nito sa pakikipagtalastasan batay sa pagsasalita, pagsulat, panonood, at kabuuang gamit. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga baklang mag-aaral ng Bachelor of Secondary Education sa Tagoloan Community College, na layuning suriin kung may makabuluhang ugnayan ang kanilang perpil sa aktwal na gamit ng Bekimon sa komunikasyon

Batay sa datos, lumitaw na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng alinman sa mga dimensyon ng perpil ng tagatugon at sa antas ng kanilang paggamit ng Bekimon. Una, ang dalas ng paggamit ng Bekimon ay may bahagyang negatibong ugnayan sa kabuuang antas ng paggamit (r = -0.189, p = 0.317), gayundin sa pagsasalita (r = -0.153, p = 0.42), pagsulat (r = -0.145, p = 0.443), at panonood (r = -0.109, p = 0.568). Ipinapahiwatig nito na kahit na mas madalas gamitin ng mga tagatugon ang Bekimon, hindi ito nangangahulugang mas mataas o mas mababa ang kanilang antas ng paggamit nito sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon.

Pangalawa, ang layunin ng paggamit ng Bekimon ay nagpakita rin ng hindi makabuluhang ugnayan: sa pagsasalita (r = -0.138, p = 0.469), pagsulat (r = 0.072, p = 0.706), panonood (r = 0.258, p = 0.168), at kabuuang antas ng paggamit (r = 0.135, p = 0.475). Ibig sabihin, kahit na may partikular na layunin ang mga tagatugon sa paggamit ng Bekimon, halimbawa, para sa pagpapahayag ng identidad o pakikisalamuha, hindi ito direktang konektado sa kung gaano nila ito nagagamit sa iba't ibang anyo ng pakikipagtalastasan.

Pangatlo, ang kasanayan ng mga tagatugon sa paggamit ng Bekimon ay wala ring makabuluhang ugnayan sa pagsasalita (r = -0.199, p = 0.291), pagsulat (r = 0.007, p = 0.972), panonood (r = -0.021, p = 0.912), at kabuuang antas ng paggamit (r = -0.076, p = 0.689). Mula rito, maaaring ipakahulugan na ang kanilang kakayahan o familiarity sa paggamit ng Bekimon ay hindi tuwirang naaapektuhan ang aktwal na paggamit nito sa mga anyo ng komunikasyon.

Ang mga resultang ito ay maiuugnay sa mga umiiral na pag-aaral hinggil sa paggamit ng wika at konteksto. Ayon kay Perez (2025), ang Bekimon ay pangunahing ginagamit bilang ekspresyon ng identidad at karanasan ng LGBTQIA+ na komunidad, na mas nakatuon sa panlipunan at kultural na dimensyon kaysa sa pormal na komunikasyon. Kaugnay nito, binanggit nina Aviles et al. (2025) na ang ganitong anyo ng wika ay nagsisilbing instrumento ng pakikipag-ugnayan, pagpapahayag ng emosyon, at pagbuo ng ugnayang

panlipunan, ngunit hindi ito laging nakabatay sa antas ng kasanayan o layunin sa akademikong konteksto.

Dagdag pa rito, ipinakita ni Salutin (2025) na ang paggamit ng balbal na wika ay nakadepende sa exposure at sitwasyon ng komunikasyon, kaya't hindi ito awtomatikong nagreresulta sa mataas na antas ng paggamit sa iba't ibang anyo ng pakikipagtalastasan. Sinusuportahan din ito nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na nagsasaad na ang pagpili ng wika ay nakabatay sa konteksto, kung saan ang pormal na wika ay mas pinipili sa mga akademikong sitwasyon, kaya't nalilimitahan ang paggamit ng mga impormal na anyo tulad ng Bekimon.

Kaugnay nito, ipinakita nina Cabayacruz et al. (2025) na ang pag-unawa at paggamit ng wika ay hindi lamang nakasalalay sa kasanayan kundi pati sa lawak ng exposure at uri ng interaksyon na kinabibilangan ng mga mag-aaral. Samantala, binigyang-diin nina Lagata at Marbella (2024) na ang kasanayan sa wika, partikular sa akademikong konteksto, ay nangangailangan ng paggamit ng angkop at pormal na anyo ng wika upang maging epektibo ang komunikasyon.

Sa kabuuan, walang nabuong makabuluhang ugnayan mula sa pagsusuri sa pagitan ng perpil ng mga baklang mag-aaral at ng kanilang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan. Bagama't may mga indikasyon ng ugnayan, ang mga ito ay nanatiling mababa at hindi statistically significant.

Gayunpaman, mahalagang kilalanin ng mga guro at administrador sa Tagoloan Community College ang papel ng Bekimon bilang bahagi ng identidad at kultural na ekspresyon ng mga LGBTQIA+ na mag-aaral. Ayon kay Quiño-Justol (2024), ang inklusibong pananaw sa edukasyon ay nagbibigay-diin sa pag-unawa at pagtanggap sa iba't ibang anyo ng karanasan at ekspresyon ng mga mag-aaral, na maaaring makatulong sa paglinang ng mas makabuluhang pakikipag-ugnayan sa loob ng silid-aralan.

Sa ganitong konteksto, ang Bekimon ay hindi lamang isang impormal na wika kundi isang simbolo ng identidad at panlipunang koneksyon. Ang pag-unawa at pagtanggap dito ay maaaring magsilbing hakbang tungo sa mas inklusibong pedagohiya na naglalayong palakasin ang partisipasyon, kumpiyansa, at representasyon ng mga mag-aaral sa akademikong diskurso.

## DISCUSSION

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay suriin ang antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan sa wikang Filipino at ang ugnayan nito sa perpil ng mga tagatugon. Batay sa mga resulta, malinaw na ang Bekimon ay ginagamit ng mga mag-aaral ngunit nananatiling limitado at higit na nakatuon sa impormal na konteksto.

Sa aspeto ng perpil ng mga tagatugon, lumabas na karamihan ay gumagamit ng Bekimon paminsan-minsan at pangunahing para sa panlilibang, habang ang kanilang antas ng

kasanayan ay nasa lebel na baguhan. Ipinapakita nito na ang Bekimon ay hindi pa ganap na bahagi ng araw-araw na komunikasyon ng mga mag-aaral. Ang ganitong resulta ay maiuugnay sa pag-aaral ni Perez (2025) na nagpapakita na ang Bekimon ay isang anyo ng wika na nakaugat sa karanasan at identidad ng LGBTQIA+ na komunidad at kadalasang ginagamit sa mga piling sitwasyong panlipunan. Kaugnay nito, binanggit nina Aviles et al. (2025) na ang ganitong uri ng wika ay nagsisilbing instrumento ng pakikipag-ugnayan, aliw, at pagpapahayag ng sarili sa mga di-pormal na interaksyon. Ipinapahiwatig din nito na ang Bekimon ay higit na ginagamit bilang instrumento ng pagkakakilanlan at pakikipag-ugnayan sa kapwa kaysa bilang pangunahing midyum ng komunikasyon.

Sa antas ng paggamit ng Bekimon batay sa pagsasalita, ang kabuuang mean na 3.07 ay nagpapakita ng limitadong paggamit o “minsan” lamang. Bagama’t ginagamit ito upang makisabay sa uso at magpahayag ng identidad, may pag-aalinlangan pa rin ang mga mag-aaral sa paggamit nito lalo na sa usaping kredibilidad. Ang resultang ito ay maiuugnay sa pag-aaral ni Salutin (2025) na nagpapakita na ang paggamit ng balbal na wika ay hindi palaging naaayon sa pormal na komunikasyon at maaaring makaapekto sa paraan ng pagpapahayag. Ipinapakita rin nito ang dual na katangian ng Bekimon—bilang malikhaing ekspresyon ngunit may limitasyon sa akademikong gamit.

Sa pagsulat, ang mean na 3.04 ay nagpapahiwatig din ng limitadong paggamit. Bagama’t naiintindihan ng mga mag-aaral ang Bekimon sa online na konteksto, hindi nila ito madalas ginagamit sa aktwal na pagsulat. Ang resulta ay nagpapakita ng malinaw na paghihiwalay ng impormal at pormal na wika. Ayon kina Dimarucot at Redera (2025; 2026), ang paggamit ng wika ay nakabatay sa konteksto at layunin ng komunikasyon, kung saan ang pormal na wika ay mas pinipili sa mga akademikong sitwasyon. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Lagata at Marbella (2024) na ang kasanayan sa pasulat na Filipino ay nangangailangan ng wastong paggamit ng pormal na wika upang mapanatili ang kredibilidad at bisa ng komunikasyon.

Sa panonood, ang mean na 3.04 ay nagpapakita na bagama’t nakaaaliw ang Bekimon, may limitasyon pa rin ito sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinapahiwatig nito na ang Bekimon ay may papel sa entertainment ngunit hindi pa ganap na epektibong midyum para sa malinaw na paghahatid ng mensahe. Ang ganitong resulta ay sinusuportahan nina Cabayacruz et al. (2025) na nagsasabing ang pag-unawa sa wika ay nakadepende sa lawak ng exposure at kasanayan ng tagapakinig. Kaugnay nito, ipinakita rin ni Salutin (2025) na ang paggamit ng balbal na wika ay maaaring magdulot ng limitasyon sa pag-unawa kung hindi ito sapat na pamilyar sa gumagamit.

Sa kabuuang antas, ang mean na 3.05 ay nagpapatunay na ang Bekimon ay ginagamit ngunit hindi pa ganap na napapaloob sa akademikong pakikipagtalastasan. Ipinapakita nito ang patuloy na pag-iral ng code-switching behavior ng mga mag-aaral kung saan malinaw ang paghihiwalay ng pormal at impormal na wika. Ang resulta ay maiuugnay sa pananaw ni Dominguez (2022) na ang paggamit ng wikang Filipino sa iba’t ibang konteksto ay nagbabago batay sa layunin ng komunikasyon at inaasahang pamantayan sa akademya.

Samantala, sa ugnayan ng perpil at antas ng paggamit, lumabas na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalas, layunin, at kasanayan at ng aktwal na paggamit ng Bekimon sa pagsasalita, pagsulat, at panonood. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng Bekimon ay hindi nakadepende sa mga personal na salik kundi sa kontekstwal na sitwasyon ng komunikasyon. Ang ganitong kinalabasan ay sinusuportahan nina Dimarucot at Redera (2025; 2026) na nagpapakita na ang pagpili ng wika ay nakabatay sa sitwasyon at layunin, at hindi lamang sa kakayahan ng gumagamit.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang Bekimon ay nananatiling isang mahalagang bahagi ng sosyolingguwistikong identidad ng mga mag-aaral, partikular ng LGBTQIA+ na komunidad, ngunit hindi pa ito ganap na tinatanggap sa pormal at akademikong diskurso. Ang mga natuklasan ay umaayon sa mga pag-aaral nina Perez (2025), Aviles et al. (2025), at Salutin (2025) na nagsasabing ang Bekimon ay ginagamit bilang ekspresyon ng identidad at kasiyahan, ngunit may limitadong aplikasyon sa pormal na komunikasyon.

Higit sa lahat, ipinapahiwatig ng pag-aaral na mahalagang kilalanin ang Bekimon hindi lamang bilang impormal na wika kundi bilang bahagi ng inklusibong edukasyon. Ayon kay Quiño-Justol (2024), ang inklusibong pananaw sa edukasyon ay nagbibigay-diin sa pagtanggap sa iba't ibang anyo ng karanasan at ekspresyon ng mga mag-aaral, na maaaring magsilbing tulay upang mapalakas ang partisipasyon, kumpiyansa, at pakikipag-ugnayan sa loob ng akademikong konteksto.

## Conclusions

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

Una, sa perpil ng mga tagatugon, napag-alamang karamihan sa mga mag-aaral ay gumagamit ng Bekimon paminsan-minsan, pangunahing para sa panlilibang, at nasa antas na baguhan ang kanilang kasanayan. Ipinapahiwatig nito na ang Bekimon ay hindi pa ganap na bahagi ng kanilang pang-araw-araw na komunikasyon, kundi ginagamit lamang sa piling sitwasyon, partikular sa impormal na interaksyon.

Ikalawa, sa antas ng paggamit ng Bekimon sa pakikipagtalastasan, lumabas na ang paggamit nito sa pagsasalita, pagsulat, at panonood ay nasa antas na "minsan" o limitado. Ipinapakita nito na bagama't kinikilala at ginagamit ang Bekimon bilang bahagi ng modernong wika ng kabataan, hindi pa ito ganap na napapaloob sa pormal at akademikong komunikasyon. Mas nakikita ito bilang midyum ng kasiyahan, pakikisabay sa uso, at pagpapahayag ng identidad.

Ikatlo, sa ugnayan ng perpil ng mga tagatugon at antas ng paggamit ng Bekimon, napag-alamang walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalas, layunin, at kasanayan at ng aktwal na paggamit nito sa pagsasalita, pagsulat, at panonood. Ipinapahiwatig nito na ang paggamit ng Bekimon ay hindi nakabatay sa mga personal na katangian ng mga tagatugon, kundi higit na naaapektuhan ng konteksto at sitwasyon ng komunikasyon.

Sa kabuuan, ang Bekimon ay nananatiling isang impormal at sosyolingguwistikong anyo ng wika na nagsisilbing instrumento ng pagkakakilanlan at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral, ngunit hindi pa ito ganap na tinatanggap bilang bahagi ng pormal na diskurso sa akademikong larangan.

## Recommendations

Batay sa mga konklusyon ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

Para sa mga guro, mahalagang kilalanin ang Bekimon bilang bahagi ng lingguwistikong identidad ng mga mag-aaral at gamitin ito bilang bridge o tulay sa pagtuturo ng pormal na wikang Filipino. Maaaring i-integrate ang mga halimbawa ng Bekimon sa talakayan upang mas mapalapit ang aralin sa karanasan ng mga mag-aaral, habang pinananatili ang tamang paggamit ng pormal na wika sa akademikong gawain.

Para sa mga mag-aaral, hinihikayat na magkaroon ng balanseng paggamit ng Bekimon at pormal na wikang Filipino. Mahalaga ang kakayahang mag-adjust sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon upang mapanatili ang kredibilidad at pagiging epektibo sa akademikong diskurso.

Para sa mga institusyon at administrador, maaaring magdisenyo ng mga programang pangwika o seminar na naglalayong palawakin ang kamalayan sa wastong paggamit ng wika, kabilang ang pag-unawa sa papel ng mga sosyolek tulad ng Bekimon sa modernong komunikasyon at inklusibong edukasyon.

Para sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang paggamit ng mas malaking bilang ng mga kalahok at iba't ibang grupo (hal. iba pang kasarian, kurso, o paaralan) upang mapalawak ang saklaw ng pag-aaral. Maaari ring gumamit ng mixed-methods na disenyo upang mas malalim na maunawaan ang karanasan at pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ng Bekimon.

Bukod dito, maaaring magsagawa ng mga pag-aaral na tumutuon sa epekto ng Bekimon sa iba pang aspeto ng wika tulad ng grammar, bokabularyo, at akademikong pagsulat, gayundin ang impluwensya nito sa digital communication at social media.

Sa huli, maaaring bumuo ng isang intervention program tulad ng "Balanseng Paggamit ng Wika Program", na naglalayong gabayan ang mga mag-aaral sa angkop na paggamit ng Bekimon at pormal na Filipino sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon, upang mapalakas ang kanilang kasanayan sa pakikipagtalastasan nang may respeto sa pagkakaiba-iba ng wika at identidad.

## Compliance with Ethical Standards

Tiniyak ng mga mananaliksik na ang lahat ng pamantayang etikal ay mahigpit na nasunod sa kabuuan ng pag-aaral. Bago ang pangangalap ng datos, kumuha ng informed consent mula sa lahat ng mga tagatugon matapos maipaliwanag nang malinaw ang layunin,

proseso, at kahalagahan ng pananaliksik. Ang partisipasyon ng mga tagatugon ay boluntaryo, at sila ay may kalayaang umatras sa pag-aaral anumang oras nang walang anumang kaparusahan.

Pinanatili ang pagiging hindi matutukoy (anonymity) at pagiging kumpidensyal ng mga tagatugon. Walang anumang personal na impormasyon ang isinama o ibinunyag, at ang lahat ng nakalap na datos ay itinuring na lubos na kumpidensyal alinsunod sa mga prinsipyo ng Data Privacy. Tiniyak din na ang kapakanan ng mga tagatugon ay napangalagaan, at walang anumang pisikal, emosyonal, o sikolohikal na pinsala ang kanilang naranasan sa kanilang pakikilahok sa pag-aaral.

Ipinahahayag ng mga mananaliksik na walang umiiral na conflict of interest sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito. Lahat ng sanggunian ay wastong kinilala at binigyang-sipi, at mahigpit na iniwasan ang anumang anyo ng plagiarism. Ang interpretasyon ng mga resulta ay isinagawa nang obhetibo at walang kinikilingang pananaw. Ang mga natuklasan ay ginamit lamang para sa layuning akademiko at pananaliksik.

Bilang bahagi ng ganap na pagsisiwalat, kinikilala ng mga mananaliksik na gumamit ng mga kasangkapang artificial intelligence (AI) bilang tulong sa pag-aayos at pagpapahusay ng manuskrito. Gayunpaman, ang lahat ng nilalaman, pagsusuri, at interpretasyon ay nananatiling orihinal na gawa ng mga mananaliksik.

## REFERENCES

Aviles, C. L. C., Espiritu, P. R., Mejia, A. M., Salvatierra, N. D., & Santos, C. J. R. (2025). Shutanginamers: analysis sa kultura ng pang-uuyam sa pangkat homosexual. Retrieved from https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2025/05/4-ijams-april-2025-47-62.pdf

Cabayacruz, M. S., Cabulao, N. B., Diacor, W. G., & Epifanio Jr, D. (2025). Pananaliksik sa mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa ingles: isang pagsusuri sa iba't ibang antas ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wikang filipino. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/07/s25907231244.pdf

Dimarucot, M. L., & Redera, M. (2025). Antas ng epekto sa paggamit ng wikang filipino sa ugnayan ng negosyo at mamimili sa mga lokal na pamilihan. Retrieved from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2025/09/t25909166171.pdf

Dimarucot, M. L., & Redera, M. (2026). Sulyap sa paggamit ng filipino sa pagpapalago ng negosyo sa mga lokal na pamilihan. Https://doi.org/10.47760/cognizance.2026.v06i01.010

Dominguez, D. K. (2022). Ang paggamit ng wikang filipino sa pagtuturo sa larang ng agrikultura. Mountain journal of science and interdisciplinary research (formerly benguet state university research journal), 82(1), 20-32. Https://doi.org/10.70884/mjsir.v82i1.312

Lagata, M. C. J., & Marbella, F. D. (2024). Kasanayan sa pasulat na filipino ng mga guro sa junior high school sa pampublikong paaralan sa lungsod sorsogon. Https://doi.org/10.47760/cognizance.2024.v04i07.012

Paja, J. A. A., Brigoli, Y. K. E., Candido, J. L., & Quiño-Justol, J. B. (2025). Ang epekto ng pangungupahan sa akademikong pagganap sa asignaturang filipino ng mga mag-aaral sa bachelor of secondary education. Ignatian international journal for multidisciplinary research, 3(11), 254–265. Https://doi.org/10.17613/ky54j-yn248

Perez, Sydel A. (2025). "Kalakaran Ng Bekimon: Isang Pagsusuri Sa Danas Ng Paggamit Ng bekimon ng mga kasapi sa lgbtqia+ sa institusyon ng kcast." ijmeri, vol. 3, no. 3, aug. 2025, https://doi.org/10.64637/631268.

Quiño-Justol, J. (2024). Perspectives of teachers on the integration of assistive technology in higher education inclusive classrooms in the philippines: importance, benefits, social support, and challenges. Journal of interdisciplinary perspectives, 2(12), 497-509. Https://doi.org/10.69569/jip.2024.0428

Salutin, A. B. (2025). Epekto ng pagkakalantad sa salitang balbal ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang. Https://doi.org/10.5281/zenodo.17482404

**APA Citation:**

Carambias, C. R. N., Dinlay, D. H., Musngi, F. B., Pagtalunan, N. J. L., Rojas, M. L., Quiño-Justol, J. B., & Amora, L. F. C. (2026). ANTAS NG PAGGAMIT NG BEKIMON SA PAKIKIPAGTALASTASAN SA WIKANG FILIPINO. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(4), 1583–1604. https://doi.org/10.5281/zenodo.19857020

Corresponding author: *cathcarambias08@gmail.com*